# GISING, APING MANGGAGAWA!

**Gising abang manggagawa/gisingin mo ang iyong diwa/ Luha't pawis, puhunan mo'y dugo/At kabayara'y dusa.**

**Araw-gabi, nagugutom/Silungan mo'y barong-barong/Gapang ka sa kahirapan/Galit mo'y nagtatagis/Sa Hikbi ng supling/Tiis mo ang lahat hanggang kailan?**

**·Mula sa awit, "Gumising Ka"**

KATARUNGAN, kalayaan at disenteng pamumuhay.

Tatlong mithiing nananatiling pangarap sa buhay ng manggagawang Pilipino. Katarungan ang hanap niya, ngunit kaapihan ang napala. Patuloy sa paghahangad ng kalayaang matagal nang ipinagkakait ng mga may kapangyarihan, Busabos sa sariling bansang sakmal ng Imperyalismong Kano katulong ang ilang Pilipinong kolaboreytor na nasa loob at labas ng pamahalaan.

Pinagbawalang magwelga. Ginigipit, at pinipiit ng pamahalaan kung iginigiit ang mga karapatan. Ipinagkanulo sa mga dayuhan, kapalit ng dolyar. Dinadaya na sa sahod, niloloko pa ng mga gahamang nagpapanggap na lider-manggagawa.

**Manggagawang inaba't inapi, halos mabaliw ka sa tila walang katapusang paghihikahos at patuloy na paninikil. Walang tigil na pinalulubog sa kumunoy ng kahirapan at kaapihan hangga't di gumigising.**

**Gumising ka, aping kapatid!**

**Buksan mo ang iyong isipan** sa katotohanang-tanging tayo lamang mga manggagawa ang makapagpapalaya sa ating sarili. Tanging tayo rin ang makapagbibigay ng katarungan sa ating kaapihan at makapagtatakda ng maayos na pamumuhay para sa ating mga mahal sa buhay. Kilalanin natin ang maningning na prinsipyo't panuntunan ng manggagawang si Gat Andres Bonifacio at ng mga anak-pawis nang itatag nila ang KATIPUNAN at pamunuan ang Rebolusyong 1896 na nagpalaya sa Pilipinas sa mga mananakop na Kastila.

Katulad rin ng pagkilala ng daang libong manggagawang Amerikano puspusang ipinaglaban at napagtagumpayan nila sa Chicago noong 1886 ang 8 oras na paggawa bawat araw mula sa dating 12 oras, na ngayo'y tinatamasa natin at ng iba pang manggagawa sa daigdig. Katulad rin ng pagkilala ng mga manggagawa sa ibang panig ng daigdig na bumangon at kumawala sa tanikala

ng pagkaalipin na nagbigay daan sa pagkatayo ng mga tunay na bagong lipunan sa kani-kanilang bansa.

May malaking hamon ang kasalukuyang panahon. Nahaharap tayo sa isang kalagayang pumipilipit sa ating kabuhayan at umiipit sa ating kalayaan. Katulad ng nangyari sa kasaysayan marami sa atin ang magigising at titindig upang sumama na sa ma nagbabangong manggagawa para wakasan ang kalagayang ito at itayo ang isang masagana at malayang Pilipinas.

## HUKBO NG MGA WALANG HANAPBUHAY, LUMALAKI

Nakaririnding paghihirap ang ibinulaga ng taong 1981 sa manggagawang Pilipino na noon pa man ay halos gulapay na sa bigat ng kanyang problemang pangkabuhayan.

Iginiit ng National Census ang Statistics Office (NCSO) ng Gobyerno na umaabot lamang sa 798,491 katao o 4.6%ng buong lakas-paggawa ng bansa ang kabuuan ng mga walang hanapbuhay noong 1979. (Sa taong iyon, 339,989 ang nawalan ng trabaho). Ngunit ayon naman sa ibang mga pagsusuri, pumapaling ito sa 47% , samantalang inamin ng Ministri ng Paggawa mismo noong 1980 na ang opisyal na pangkalahatang bilang ng wala o kulang ng hanapbuhay ay mahigit na 4.1 milyon. Maliban pa ito sa 5 milyong kababaihan na namimirmihan sa bahay dahil sa walang mapasukan (Manipesto ng Manggagawa, Mayo 1, 1980), at 7.2 milyong kabataang nahinto sa pag-aaral dahil sa kahirapan at wala ring pinagkakakitaan. Labas pa dito ang may 20,329 na manggagawang napatalsik sa trabaho sa Kalakhang Maynila (Bulletin Today, April 9, 1981). Ang ibig sabihin, mahigit sa 16.3 milyong Pilipino – kalalakihan, kababaihan at kabataan – ang nalulunod ngayon sa sukdulang paghihirap at mapipilitang kumapit kahit sa sahod alipin para lang buhayin ang sarili at ang pamilya. Sa bahagdan, 34.6%ng mamamayan o isa sa bawat tatlong Pilipino ang nagtitiyagang magpaalipin sa loob at labas ng bansa, lalung-lalo na sa mga multinasyonal na pagawaang "labor intensive". Marami sa kanila ang nagiging biktima ng mga "labor recruiter", ang iba ay kumakapit sa patalim, at ang kawawang kababaihan naman'y kadalasa'y nabubulid sa putikan ng industriya ng turismo bilang "hospitality girl".

## MABABANG PASAHOD AT NAGTATAASANG PRESYO NG BILIHIN

Ang isang manggagawang pinuno ng pamilyang may anim na katao ay kinakailangang kumita ng mahigit na P46.53 arawan para makaalpas sa kahirapan. Ang halagang ito ay siyang natukoy na hangganan sa pagitan ng karukhaan at katamtamang pamumuhay noong nakaraang taon, batay sa mga pangunahaing pangangailangan ng isang pamilya na umaabot sa P46.53 arawan o P1,396 buwanan. (Times Journal, Hunyo 25, 1980)



Ang minimum na sahod ngayon ay P18 sa Kalakhang Maynila at P17 sa labas: Kung isasama ang mga alawans, umaabot ito sa P26.36. Kamakailan, itinakda ng Gobyerno ang P2 dagdag sa alawans na hanggang ngayon ay hindi pa naipatutupad ng karamihan ng mga pagawaan sa bansa.

Samakatuwid, kahit anong kayod ang gawin ng manggagawa tuwirang maghihikahos siya. Batay sa P46.53 minimum na arawang gastusin, ang isang sumasahod ng P26.36 sa Kalakhang Maynila ay kinakailangang maghagilap kung saan-saan ng P20.17 araw-araw para lang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng kanyang pamilya. At kahit na pa dagdagan ng P2 ang kanyang arawang sahod hilahod pa rin siya sa kahirapan.

Nakapangangalit ang patakaran sa pasahod ng gobyerno. Sa kabila ng bumagsak ang halaga ng P1 na ngayo'y nagkakahalaga lamang ng mababa pa sa P0.34 ng pera noong 1972, ang pagtataas ng pasahod ay di makahabol dito para maitawid sa pagdarahop ang mga manggagawa. Hindi lamang ito, ang ang mga Presidential Decree sa pagtataas ng sahod ay di lubusang maipatupad ng pamahalaan at mismo ang Bureau of Labor Relations ang nagpapatunay ng maramihang paglabag dito ng mga kapitalista.

Kalimita'y sa papel lamang tumataas ang sahod. Hindi pa man napapasakamay natin ang dagdag na itinakda ng CBA o dekreto, doblado na ang presyo ng mga bilihin. Pumalo sa 18%ang implasyon noong nakaraang taon, ayon na rin sa datos ng NEDA (Bulletin Today June 29, 1980), samantalang tuluy-tuloy ang pag-impis ng halaga ng piso. Parang perang Hapon na rin ang pera natin! Halos 34 sentimo na lang – o mas mababa pa – ang halaga ng piso ngayon sa piso noong 1972. Mula Enero 1 hanggang Pebrero 27, bumagsak na naman ng .09 sentimo ang piso (IBON, Abril 15, 1981). Sa kabilang dako, tumaas ng 14.8%ang presyong pangkabuhayan (CPI) sa buong bansa, at 13.9% sa Kalakhang Maynila. Nagkakahalaga na lang P9.28 ang kasalukuyang P26.36 sahod at P2 dagdag, batay sa 34 sentimong halaga ng piso ngayon.

Ang pagtatakda na lamang ng mga alawans, sa halip na dagdagan ang minimum na sahod, ay isa ng pandaraya, sapagkat hindi kabilang ang alawans sa kwenta ng overtime, night differential, holiday pay, separation at retirement pay. Hindi rin sakop sa pagbibigay ng alawans ang mga manggagawang tumatanggap ng labis sa P1,000 sahod. Maraming malalaking kompanya, lalo na iyong mga multinasyunal, ang humihingi ng "exemption" sa mga alawans sa kadahilanang pagkalugi – at pinagbibigyan naman ng Ministri ng Paggawa.

## PAGBABAWAL SA WELGA, PREVENTIVE SUSPENSION, ATBP – PAGKAPON SA KILUSANG PAGGAWA

Tayo ang nagpapatakbo sa gulong ng industriya at bumubuhay sa ekonomiya ng bayan. Bultu-bultong salapi ang pinapasok natin sa kaha de yero

ng mga kapitalista, at ano naman ang pabuya natin?

Sahod-alipin at pang-aapi.

Sa bawat P10 puhunan piso lang ang ibinabayad sa halaga ng paggawa, kahit tumubo pa ng sanlibo ang sampung piso noong ilang taong nakalipas. (Sa Estados Unidos, $6-&7 sa bawat $10 na puhunan ang inilalaan sa pasahod) Sa ngayon, mas mababa pa ang bahagdan ng kabayaran sa paggawa, 5.6% o 56 sentimos na lang sa bawat P10 puhunan. Ganyan kamura ang presyo ng ating serbisyo sa ngayon.

Sa tulo ng ating pawis, tumutubo ang mga kapitalista sa petrolyo ng P164.44 sa bawat pisong ibinayad nila sa atin noong taong 1975; P31.46 sa "transport equipment"; P24.84 sa "non-metallic minerals"; P12.24 sa "food manufacturing"; P11.83 sa "chemicals ang chemical products"; P40.83 sa "electrical machinery"; at P35.95 sa "metal products".

Nang ipataw ang martial law noong 1972 pinakawalan ang mariring mga hambalos at panunupil sa mga anak-pawis. Pinagbawal ang welga na sandata natin laban sa pang-aabuso ng mga kapitalista. Ilang organisasyong manggagawa ang idinaklarang iligal at "subersibo". Maraming opisina ng mga unyon at pederasyon ang nilusob at hinalughog ng militar. Ilang daang manggagawa ang ikinulong sa paratang na "subersyon".

Sa mga sumunod na taon, hinudyat ng Bagong Kodigo sa Paggawa (New Labor Code) ang garapal at masaklaw na pagsisikap sa pagkapon sa kilusang paggawa at ibayong pagpapatindi sa pagsasamantala sa mga manggagawa.

Kabilang sa pinagmamalaking "katarungang sosyal" ng Labor Code para sa manggagawa ang pagbabawal sa welga (P.D. 823) na nakapaloob dito bilang Artikulo 264. Sa susog bilang Art. 278, ipinagbawal din ang pangongolekta ng pondo sa strike. Pinuwersang tumanggap ng mas mababa pa sa minimum na sahod ang mga walang hanapbuhay sa sistemang "apprentice, learner, casual at contractual" (P.D. 143 at Art. 57, 61 at 72 ng Labor Code), dahil diumano'y "sinasanay" pa lamang sila sa trabaho. Napawalambisa ang Blue Sunday Law kung kaya't walang overtime na bayad kahit na magtrabaho tayo sa Linggo. Binawasan din ang maternity leave, mula sa 14 naging 6 na linggo na lang, at limitado ang kapakinabangan nito sa unang apat na anak. Niliitan ang biyayang nakukuha ng manggagawang napinsala, sa binagong Employees Compensation Act.

Bagamat "bawal" din ang lockout at ang pagpapatalsik sa manggagawa ng walang pahintulot ng MOLE, PINAPAYAGAN ng Labor Code ang preventive suspension – at ito kasama ang pagbabawal sa welga ang nagsilbing pinakamabisang armas ng malalaking kapitalista sa pagsikil sa mga manggagawa.



Tinatadhana rin nito ang pagbubuo at sapilitang pagkilala sa TUCP sa kabila ng katotohanang ang mga manggagawa'y hindi kailanman kinunan ng malayang pag-sangayon dito at isinusuka nila ang mga pusakal na bentador, mangagantso, at raketir na iniluklok sa pamunuan ng TUCP'

## PAGHAHARI NG IMPERYALISMONG ESTADOS UNIDOS AT MGA PILIPINONG KASAPAKAT NITO – UGAT NG PAGSASAMANTALA'T KAAPIHAN NG MGA MANGGAGAWA AT NG BAYAN

Kapit-tuko ang mga multinasyunal – mga kompanyang ari ng malalaking kapitalista o imperyalismong Kano sa mga estratehikong bahagi ng ekonomiya ng bansa. Kontrolado nila ang iba't-ibang linya ng industriya – manupaktura, makinarya, gamot, produktong agrikultura, minahan, repineriya ng langis, at trosohan. Naroroon din sila sa komersyo (kalakalan), bangko't institusyong pinansyal, otel, komunikasyon at iba pang industriyang pangserbisyon.

Higit sa lahat, pinopondohan at mahigpit na hawak ng mga imperyalistang Kano ang International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB). Ang dalawang ito ang pangunahing pinakamalaking institusyon ng pagpapautang at pananalapi sa buong daigdig. Mula sa IMF-WB nagmula ang bilyun-bilyong dolyar na utang ng Pilipinas at ito ang unang inaasahan at tinatakbuhan ng pamahalaan sa mga pangangailangan nito sa salapi.

Sapagkat kontrolado nila ang mahahalagang sangay ng industriya't kalakalan sa bansa at ang IMF-WB na siyang bumubuhay sa pamamagitan ng pagpapautang sa gobyerno ng Pilipinas madaling unawain kung bakit ang malaking negosyanteng Kano at ang kanilang pamahalaang ang may malaking pagpapasya sa pagpapatakbo ng gobyerno, sa pulitika at kabuhayan sa Pilipinas. Dahil dito hindi nakapagtataka na sa kasaysayan ng pulitika dito hanggang ngayon, walang malaking pulitiko ang makapupwesto sa mataas na pamahalaan ni makatatakbo sa halalan para dito ng walang basbas ng Kano. Mismong sa pagdedeklara ng martial law at "pag-aalis" nito malaki ang papel ng gobyernong Estados Unidos. Kaya't ang mga patakaran ng pamahalaan sa nakaraan, sa kasalukuyan at hinaharap ay pabor sa mga dayuhang pangunahhi'y Kano at kontra sa mga manggagawa at iba pang mamamayan.

"Rekomendasyon" lahat ng IMF-WB – mga kondisyong kapalit ng pagpapautang – ang mga patakaran ng pamahalaang Marcos sa pagpapalakas ng programang export (pagluluwas ng hilaw na produkto't ani sa ibang bansa), pagpataw ng mas marami at pataas nang pataas na buwis sa mamamayan, pagbibigay sa mga dayuhang negosyante ng mga pribilehiyo sa Investment Incentives Act at iba pa, (kalayaang ilabas ang tubo't kapital sa bansa, mura o

libreng buwis, atbp) pagtatayo ng mga walang kaparakang imprastruktura (mga haywey, tulay, daungan, atbp.) at espesyal na lugar para sa mga pabrikang pag-aaring Kano o dayuhan (Bataan Export Processing Zone), PAGPAPANATILING MURA NG PASAHOD AT PAGBABAWAL SA WELGA.

Malaking pinsala ang idinulot ng mga patakarang ito ng pamahalaan sa buhay ng mga manggagawa't mamamayan. Sa kabila ng dito na tinatanim nang maramihan ang tubo, palay, saging, niyog, atbp., ay nagtataasan pa rin ang presyo ng mga ito sa pamilihan o minsa'y nagkakaroon pa ng kasalatan dahil lamang sa maramihang pag-export ng mga ito. Kakumpetensya ng mataas na presyo ng bilihin ang marami't nagtataasang buwis sa pag-agnas sa kinikita ng mga mamamayan. Mapanakal sa kabuhayan ng mga manggagawa ang murang pasahod sa harap ng nagtataasang presyo ng bilihin samantalang ang uri ng serbisyo't paggawa ng manggagawang Pilipino'y kapantay ng mga pinakamahuhusay na binabayaran ng mas mataas sa ibang bansa. Ang pagbabawal sa welga'y naglagay sa mga manggagawa sa walang kalaban-labang posisyon sa harap ng paninibasib ng mga kapitalista kung kaya't maski kakarampot na alawans na nasa batas na'y hindi pa mapakinabangan sa simpleng pagmamatigas ng mga kapitalista.

Isa pa ang proyektong "City of Man" ng pamahalaan sa Metro Manila. Sa ilalim nito'y aayusin ang trapiko at magtatayo ng malalapad at magkakaugnay na lansangan para sa mabilis na daloy ng mga produktong export mula probinsya papuntang mga pier sa Metro-Manila at mga produktong import mula dito patungo sa iba't ibang panig ng Metro-Manila at mga lalawigan. Pagagandahin ang kalunsurang ito sa itatayong Light Rail Transport System at mga imprastruktura sa pagnanais na maakit ang mga turista at kumita ng dolyar. Subalit, upang maisakatuparan ito, kinakailangang patalsikin ang higit sa 50,000 drayber ng jeep sa mga pangunahing ruta at itapon sa mga sekundaryong ruta (maliit na kalye) na mangangahulugan na rin ng "phase-out' ng mga jeepney, kalauna'y pagkawala ng trabaho ng libu-libong drayber at pagdarahop ng kanilang pamilya.

Ang mga pribilehiyong tinatamasa ng mga negosyong dayuhan sa pangunahi'y Kano sa kagandahang loob ng pamahalaang Marcos ay nakapagbigay sa kanila ng di mapangingibabawang kalamangan. Nasosolo ng mga ito ang pangungutang sa mga lokal na bangko't institusyong pinansyal. Napakalaki ng natitipid ng mga ito mula sa mababang buwis at taripa ng pamahalaan sa mga pumapasok na produktong binebenta sa pamilihang lokal o makinarya para sa kanilang pabrika. Dahil dito namamatay sa kumpetisyon ang mga maliliit na kapitalistang Pilipino na napipilitang magsara ng negosyo kung saan libu-libong manggagawa naman ang nawawalan ng trabaho bilang resulta.

Walang habas ang paghahakot ng mga kapitalistang Amerikano at iba pang dayuhan sa kayamanan ng bansa na nasa lupa, kabundukan at karagatan sukdulang masaid ang mga ito.

Pagkamal ng limpak-limpak na tubo ang naisin ng Imperyalistang Kano at ng ilang kasosyo t kakutsaba nitong Pilipino sa bansa. Ginagawa nila ito sa matinding pagsasamantala't pang-aapi sa mga manggagawa't iba pang



mamamayan ng bansa. Magpapatuloy sila sa pagkagahamang ito at matitigil lamang matapos mawasak ng isang makapangyarihang kilusan ng mamamayang nagmamahal sa Inang Bayan.

### MAPANLANSING "PAG-AALIS" NG MARTIAL LAW, ELEKSYON" PRESEDENSYAL, AT "PAGBABALIK" SA WELGA NG INDUSTRIAL RELATIONS ACT.

Sinalubong tayo ng taong 1981 ng "pag-aalis" ng martial law at sa pagdating ng Mayo 1, inihaharap sa atin ang isang "eleksyong" presedensyal at "pagbabalik" sa karapatang magwelga batay sa Industrial Relations Act na nakasalang sa Batasang Pambansa. Tatlong magkakaibang putaheng lutong MAKOY sa programang "normalisasyon" ng pamahalaang Marcos ang nilalako sa mga manggagawa at sa bayan.

Hokus-pokus ang "pag-aalis" ng martial law. Katulad ito ng palabas ng isang salamangkerong pinaglaho ang isang bagay sa mata ng manonood subalit naikipkip lang pala sa kilikili dahil sa bilis ng kanyang kamay. Nananatili pa rin at hawak ng pamahalaang Marcos ang lahat ng kapangyarihang diktador batay sa Transitory Provision ng Konstitusyong 1973. Pinagbabawal pa rin ang welga. Bagama't sinasabing "malaya" nang magsagawa ng rali't demonstrasyon o anumang pagtitipon, ikinukundisyon ito sa permit ng lokal na pamahalaang na nagbibinbin at di nagbibigay. Masahol pa ang "pag-aalis" ng martial law kay sa dati sapagkat tiniyak ang pagkontrol at pananakot sa mga mamamayan sa pamamagitan ng National Security Code at Public Order Act na nagbibigay ng poder sa militar na ikulong ang sinumang tinatantya nitong "nag-iisip" pa lamang na lumabag sa mga batas hinggil sa seguridad ng bansa.

"Eleksyong" presidensyal ang pinamamaraling lunas sa nagkakabuhol-buhol na mga problema ng bansa. Ito ang pinambubuyo sa mga manggagawang masugid na nakikipaglaban para sa kapakanan ng kanilang uri at bayan. Hindi ito ang lunas sa mga problema ng bayan at ng uring manggagawa. Dumating at dumaan ang mga eleksyon sa buhay ng manggagawa ng iba't ibang henerasyon. Subalit hindi nito nabago ang kalagayan ng mga manggagawa at ng buong bayan. Ang darating na "eleksyong" presidensyal ay isang magarbong rigodon ng malalaking mga pulitiko na mang-aakit sa mga manggagawa na makisalo sa mga nakaaaliw na sayawin, nakasisiyang musika't nakatatakam na pagkain at inumin upang mailihis nila sa landas ng militanteng pakikipaglaban – ang tanging solusyon para mahango ang kanilang uri at bayan.

Sa harap ng malaganap na pakikipaglaban ng mga manggagawa para sa pagbabalik ng welga nangako ang pamahalaang "ibabalik" ito sa pamamagitan ng Industrial Relations Act na ngayo'y nakabinbin pa sa Batasang Pambasa. Batay sa ikalawang "draft" ng pinagpapasyahang batas sa paggawa, tinataglay rin nito ang mga parehong kontra-manggagawang mga restriksyon a at kondisyong nakasaad sa PD 823. Katulad ng pagbabawal sa welga sa mga dati nang nakalistang industriya, pagwewelga batay lang sa pangkabuhayang isyu, ang pagsusumite ng abiso (Notice of Strike) sa Ministri ng Paggawa, at pagpapalagpas sa "30 days" cooling off period", at sapilitang arbitrasyon.

Ganunpaman, may malaki ring pagkakaiba ang dalawa. Mas masahol at mapanupil ang minumungkahing Industrial Relation Act kaysa P.D. 823. Binibigyan ng Industrial Relation Act and Pangulo ng kapangyarihang magdagdag at mag-alis ng mga industriyang pinagbabawal ang welga. Tinatanggal nito sa trabaho ang sinumang sumama sa "illegal strike" at binabawian ng rehistro ang unyon o pederasyon. Pinapatawanan din ng kondisyong 2/3 o higit pang boto ng pagsang-ayon ng kabuuang kasapi bago maging legal ang welga. Ang mga probisyong ito'y kalkuladong makapananakot at makapanggigipit ng mga manggagawa imbes na mabigyan sila ng kumpinyansa at proteksyon ng batas sa pagwewelga.

## ANG 12 KAHILINGAN AT PANAWAGAN NG KILUSANG MAYO UNO (KMU)

Hinahamon tayo ng mga problemang sumasaklot sa uring manggagawa at buong bayan at pinatitibay ang ating kapasyahan ng ilang tagumpay na maggumiit sa pakikipaglaban hanggang sa ganap na tagumpay. Alinsunod, hinaharap ng KMU ang 12 kahilingan at nananawagan ito sa lahat ng pederasyon, unyon, at mga mangagawa na nagmamahal sa kanilang uri at Inang Bayan na magkapit-bisig at sumulong sa puspusang pakikipaglaban para dito.

1. Ibalik nang ganap at walang pasubali ang karapatang magwelga! Pawalambisa ang Industrial Relations Act!
2. Itaas ang sahod sa P50.00!
3. Alisin ang "Preventive Suspension"!
4. Itigil ang "lay-off", rotation at wakasan ang kawalan ng hanapbuhay!
5. Kilanlin ang kalayaang mag-unyon sa mga korporasyong gobyerno!
6. Itigil ang "rerouting" at "phase-out" ng mga jeepney! Itigil ang kumpiskasyon ng lisensya ng drayber at pawalang bisa ang PD 1605!
7. Ibaba ang presyo ng mga bilihin!
8. Palayain ang lahat ng bilanggong lider-manggagawa at iba pang bilanggong pulitikal!
9. Tunay na alisin ang Martial Law!
10. Ipatupad ang tunay na Reporma sa Lupa!
11. Wakasan ang paghahari ng Imperyalismong Estados Unidos sa bansa!
12. Alisin ang Bataan Nuclear Plant.

KILUSANG MAYO UNO
Abril 25, 1981

Dumalo sa pagdiriwang "Araw ng Paggawa"
Mayo 1, 1981, Alas 1:00 – 5:00 ng hapon.
Araneta Coliseum, Cubao, Quezon City